Mga pagsisiyasat ng koroner – ano ang inaasahan sa isang inquest (pagsisiyasat tungkol sa pagkamatay)

Ang Hukuman ng Koroner ng Queensland (CCQ) ay independiyenteng nag-iimbestiga ng mga naiulat na mga pagkamatay.

Ipinapaabot namin ang aming pakikiramay sa inyo para sa inyong pagkawala.

Ang factsheet na ito ay nilalayong magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga inquest. Kung kailangan ninyo ng iba pang impormasyon, mangyaring tingnan ito: https://www.coronerscourt.qld.gov.au/__data/assets/pdf_file/0009/749412/Coronial-investigation-guide-for-families-and-friends.pdf

Ano ang isang inquest?

Ang inquest ay isang hukumang pagdinig na isinasagawa ng isang koroner bilang isang **paraan ng pagkuha ng impormasyon** tungkol sa dahilan at mga pangyayari ng isang pagkamatay o isang grupo ng magkakaugnay na mga pagkamatay.

Ang mga inquest ay hindi paglilitis: hindi kasama ang hurado at hindi sila nakatuon sa mga tanong ng pagkakasala o pananagutan.

Ginagamit ng mga koroner ang mga inquest upang matukoy ang mga katotohanan at gumawa ng mga rekomendasyong maaaring makapigil sa mga kahalintulad na pagkamatay sa hinaharap.

Ano ang mangyayari sa isang inquest?

Ang mga inquest ay magkakaiba sa komplikasyon, ngunit sa kabuuan dinidinig ng koroner ang ebidensya mula sa mga taong maaaring may impormasyon tungkol sa mga pangyayari sa pagkamatay ng namatay. Ang mga taong nagbibigay ng mga ebidensya ay maaaring mga opisyal na pulis, miyembro ng pamilya, mga ekspertong propesyonal tulad ng mga doktor at mga siyentipiko, at mga miyembro ng publiko. Para sa halimbawa ng mga maaaring nasa silid ng hukuman, tingnan ang huling pahina.

Pagkatapos dinggin ang lahat ng ebidensya, ipagpapaliban ng koroner ang inquest upang gawin ang kanilang mga natuklasan. Ang panahon ng pagpapaliban ay nagbabago, ngunit maaaring tumagal ng ilang buwan sa mga komplikadong kaso.

Ang mga inquest ba ay pangkaraniwan?

Kalakhan ng mga pagsisiyasat ng koroner ay hindi na nangangailangan ng inquest. Sa kalakhan ng mga kaso, ang koroner ay nakakagawa na ng kanilang mga natuklasan nang hindi na nagsasagawa ng inquest. Ang mga inquest ay kailangang isagawa lamang kung:

- ang tao ay nasa bilangguan;
- ang tao ay nasangkot sa isang operasyon ng pulisya (maliban na lamang kung naniniwala ang koroner na hindi kailangan ang isang inquest); o
- ang tao ay nasa pangangalaga at ang mga isyu tungkol sa pangangalaga ay natukoy na.

Sa karagdagan, maaaring magsagawa ng inquest kung naniniwala sila na ang pagdinig ay nasa interes ng publiko. Halimbawa, ang koroner ay maaaring magdesisyon na magkaroon ng inquest upang masuri ang kamalian sa sistema na nakakaapekto sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, o kung saan may malaking pag-aalinlangan tungkol sa dahilan at mga pangyayari ng pagkamatay. Maaari ding mag-utos ang Attorney-General na magsagawa ng inquest.

Maaari bang humingi ng inquest ang sino man?

Oo. Maaari kang humiling ng inquest sa pamamagitan ng pagsulat sa koroner na ilalahad kung bakit ang inquest ay para sa kapakanan ng publiko. Karaniwang gagawa ng pangkalahatang desisyon ang koroner (at magbibigay ng mga dahilan) sa loob ng anim na buwan ng iyong kahilingan. Makikipag-ugnayan sa iyo ang koroner upang palawigin ang oras para sa desisyong ito.

Kung tatanggihan ng koroner ang kahilingan para sa isang inquest, maaaring magsumite ng aplikasyon sa State Coroner na ipag-utos ang inquest. Kung tatanggihan ng State Coroner na magsagawa ng inquest, maaaring gumawa ng aplikasyon sa District Court para magsagawa ng inquest.

Paano ko malalaman kung magkakaroon ng inquest?

Ang nominadong miyembro ng pamilya ng namatay ang sasabihan kung magkakaroon ng inquest. Inilalathala ang listahan ng mga gagawing mga inquest sa website ng CCQ sa: https://www.coronerscourt.qld.gov.au/findings-upcoming-inquests/inquest-proceedings-list

Sino ang maaaring dumalo sa isang inquest?

Dahil ang mga inquest ay itinuturing na mga bagay ng pampublikong interes, ang mga ito ay karaniwang bukas sa publiko. Sa madalang na mga kaso, maaaring di isama ng koroner ang ilang indibidwal o ang publiko para sa isang parte sa lahat ng pagdinig. Ang mga koroner ay maaari ring mapigil ang paglalathala ng ebidensiyang dininig o mga pangalan ng sinumang saksi o ang namatay.

Ang pamilya at mga kaibigan ng namatay ay maaaring dumalo sa inquest. Ngunit mahalagang alalahanin na ang layunin ng inquest ay alamin ang mga katotohanan, at ito ay nakababalisa. Mayroon mga serbisyong pagpapayo at suporta para sa inyo sa napakahirap na panahong ito. Ang mga serbisyong suporta ay nakalista sa hulihan ng factsheet na ito.

Kasama sa inquest ang pakikinig sa mga pahayag mula sa mga saksi, pakikinig sa audio o panonood ng mga video. Kasama rin sa mga inquest ang mga kumplikadong ligal na argumento at detalyadong pagsusuri ng ebidensya.

Habang sinisiguro ng mga koroner na ang mga paglilitis ay isinasagawa nang may paggalang, hindi maiiwasang ang mga inquest ay may mga impormasyong mahirap tanggapin na maaaring ituring ng mga pamilya na hindi personal o ‘magaspang'.

Kailangan bang magkaroon ng ligal na kinatawan ang pamilya?

Sinuman na mayroong sapat na interes (kasama ang mga miyembro ng pamilya) ay maaaring mag-aplay sa koroner upang lumahok sa inquest. Kung ikaw ay mabibigyan ng permiso na lumahok sa inquest, maaari kang magtanong at magbigay ng mga sumite. Ang mga tao ay maaaring kumilos para sa kanilang sarili o maaari rin silang ligal na kinatawan.

Ang tagapayong tumutulong sa koroner ay isang independyenteng tao na maninigurong lahat ng mga kaugnay na impormasyon ay maihaharap sa koroner. Ang tagapayong tumutulong sa koroner ay hindi kumikilos para sa pamilya, ngunit maaari silang magbigay ng maikling paliwanag ng proseso at mga isyu na tatalakayin sa inquest. Kung walang kumakatawan sa pamilya at hindi nila nais na may kumatawan sa kanila, maaaring ang tagapayo na tumutulong ang magtanong ng mga kaugnay na mga katanungan sa ngalan ng pamilya.

Tulong ligal

Kung nais ninyo makakuha ng ligal na payo, ang mga sumusunod na mga serbisyo ay maaari ninyong kontakin, o maaari ninyong piliin na kumontak ng ligal na kumpanya na gusto ninyo:

Legal Aid Queensland

Para sa impormasyon at pagsangguni para sa payong ligal, at payo kung ikaw ay marapat para sa libreng tulong ligal:

Telepono: 1300 65 11 88

Website: www.legalaid.qld.gov.au

Queensland Law Society

Para sa mga pangalan ng kumpanyang pambatas sa inyong pook na nagpakadalubhasa sa mga inquest at coronial na batas.

Telepono: 1300 367 757

Website: www.qls.com.au

Queensland Coronial Legal Service

Nagbibigay ng libreng pambatas na payo sa mga namatayang miyembro ng pamilya tungkol sa anumang aspeto ng coronial na proseso at mga isyung kaugnay nito.

Telepono: (07) 3214 6333
Website: https://caxton.org.au/how-we-can-help/queensland-coronial-legal-service/

Community Legal Centres Queensland

Hanapin ang inyong pinakamalapit na mga sentrong ligal ng komunidad.

Telepono: (07) 3392 0092
Website: www.communitylegalqld.org.au/

Ang ligal na Serbisyo para sa mga Aborihinal at Torres Strait Islander

Ang serbisyong ligal na sensitibo sa kultura sa mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander sa Queensland.

Telepono: 1800 012 255 (libreng tawag)
Email: coronial@atsils.org.au.
Website: https://atsils.org.au/

Kakailanganin ko bang maging saksi?

Maaaring kailanganin ng pulisya na kumuha ng pahayag mula sa iyo tungkol sa pagkamatay.

Pagkatapos mabasa ang iyong pahayag, maaaring magdesisyon ang koroner na kailangan mong dumalo sa inquest upang magbigay ng karagdagang ebidensya. Ikaw ay aabisuhan nang maaga kung ikaw ay kakailanganing magbigay ng ebidensya. Maaari mong kontakin ang opisina ng koroner kung hindi ka sigurado kung ano ang kailangan mong gawin. Maaari ka rin humingi ng payong ligal.

Gaano katagal ang inquest?

Ang haba ng inquest ay nagbabago depende sa pagkakumplikado ng kaso, sa dami ng mga saksi, at dami ng mga taong pinahihintulutang lumahok. Ang haba ng panahong kinakailangan ay madalas natatantya sa pagpupulong bago ang inquest.

Ano ang pulong bago ang inquest?

Ang pulong bago ang inquest ay karaniwang ginagawa matapos nagdesisyon ang koroner na magsagawa ng inquest. Sa pulong bago ang inquest, ang tagapayong tumutulong ay karaniwang magbibigay ng maikling buod ng pagkamatay at ilalatag ang mga isyu imumungkahing dapat isaalang-alang sa inquest kasama ang mga mungkahing saksi na tatawagin sa inquest. Ang tagapayong tumutulong ay imumungkahi din kung kung kailan at saan gaganapin ang inquest. Ang mga tao (kasama ang pamilya) ay maaaring magbigay ng mga sumite bilang kasagutan sa mga detalye na itinaas ng tumutulong na tagapayo. Ang koroner ay magdedesisyon sa mga isyu na tatalakayin sa inquest, kung saan ang mga saksi ay magbibigay ng ebidensya. Tutukuyin din ng koroner kung kailan at saan didinggin ang inquest.

Ang mga matutuklasan ng koroner

Dapat maibigay ng koroner ang mga nakasulat na natuklasan tungkol sa pagkakakilanlan ng namatay; kailan, saan at paano sila namatay; at ano ang dahilan ng kanilang pagkamatay. Aalamin ng koroner kung ang mga natuklasan ay inihatid sa ‘open’ na hukuman o sa ‘chambers’.

Ang mga natuklasan ng koroner (at saan kaugnay, mga rekomendasyon) ay hindi magagamit bilang ebidensya sa hukuman o tribunal. Gayunpaman, maaaring isangguni ang usapin sa Director of Public Prosecutions o sa isang lupon ng pagdidisiplina para sa pagsasaalang-alang at posibleng aksyon.

Ang mga natuklasan ay ibibigay sa nominadong miyembro ng pamilya at dapat ilathala sa website ng CCQ sa:

https://www.coronerscourt.qld.gov.au/findings-upcoming-inquests/search-findings

Kung nagawa na ang mga rekomendasyon, ang mga natuklasan ay ipapadala sa kaugnay na kagawaran ng pamahalaan o ahensya.

Mga kultural na sensibilidad

Kami ay nakatuon sa pagpapaunlad at pagsasagawa ng mga gawaing sensitibo at angkop sa kultura. Inaanyayahan ang mga pamilya na ibahagi ang anumang kultural o ugnayang pampamilya (kinship) na dapat isaalang-alang sa simula pa lamang ng imbestigasyon, upang matiyak na mabibigyang pansin ang kanilang mga pangangailangan.

Nagsusumikap kami na maiparating ang impormasyon sa mga pamilya sa paraang ligtas sa kultura at may paggalang.

Naisalin sa wikang impormasyon

Maaari kaming mag-ayos ng serbisyong tagasalin upang matulungan ang mga taong mula sa magkakaibang kultura at lingguwistikang pinagmulan para mas madaling makuha at maunawaan ang prosesong coronial.

Maaari din ninyong tawagan ang Translation and Interpreting Services (TIS 131450) at humiling ng isang tagasalin upang makipag-ugnayan sa amin sa 1300 304 605.

Karagdagang Impormasyon

Ang mga Direksyong Pagsasanay ay mga patnubay sa proseso na inisyu ng mga opisyal ng hudikatura sa mga Hukuman.

Ang mga Direksyong Pagsasanay tungkol sa mga Pahayag ng Pamilya ay matatagpuan dito: https://www.coronerscourt.qld.gov.au/__data/assets/pdf_file/0007/797740/2024.02-family

Ang mga Pamamaraan para sa mga Pulong Bago ang Inquest at sa Inquest ay matatagpuan dito:

https://www.coronerscourt.qld.gov.au/__data/assets/pdf_file/0012/797736/2024.01-procedures-for-pre-inquest-conferences-and-inquests.pdf

Mga kontak at tulong na mga serbisyo

Hukuman ng Koroner ng Queensland

GPO Box 1649 Brisbane QLD 4001
Telepono: (07) 3738 7050 (*pangunahing rehistro sa Brisbane*)
Labas ng Brisbane: 1300 304 605 (may bayad sa lokal na tawag)
Email: CoronersCourt@justice.qld.gov.au
Website: www.coronerscourt.qld.gov.au

Queensland Police Coronial Support Unit (CSU)

Nasa parehong lokasyon sa karamihan ng aming mga rehistro, nagsasaayos ang CSU ng mga coronial na proseso at nakikipag-ugnayan sa mga forensic pathologist at mga kawani ng morge.

Telepono: (07) 3292 5901
Email: QPSOfficeStateCoroner@police.qld.gov.au

Mga Serbisyong Forensic Pathology at Pang-Koroner

Telepono: 1800 000 377 (libreng tawag)
Email: Forensics@health.qld.gov.au

Mga Serbisyo ng Koroner sa Pamilya

Telepono: (07) 3096 2794
1800 449 171 (libreng tawag)
Email: FSS.Counsellors@health.qld.gov.au

Rehistro ng mga Panganganak Mga Pagkamatay at Mga Kasal

PO Box 15188 City East QLD 4002
Telepono: 13 74 68
Email: bdm-mail@justice.qld.gov.au
Website: www.qld.gov.au/rbdm

Victim Assist Queensland

Nagbibigay ng impormasyon, payong pansuporta at pinansyal na tulong sa mga biktima ng krimen.

Telepono: 1300 546 587
Website: https://www.qld.gov.au/law/crime-and-police/victim-assist-queensland

Ang Opisina ng Ombudsman sa Kalusugan

Ang ahensya na tumatanggap ng mga reklamo/pag-aalala tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan at/o tagapagbigay ng serbisyo sa Queensland.

Telepono: 133 646
Website: www.oho.qld.gov.au

Ang Komiteng Pangkonsulta para sa mga pagkamatay at malulubhang insidente na kaugnay sa trabaho

Nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga napinsalang manggagawa at pamilya na naapektuhan ng isang pagkamatay sa lugar ng trabaho.

Telepono: 0417 910 130
Email: OHSConsultativeCommittee@oir.qld.gov.au
Website: www.worksafe.qld.gov.au/about-us/consultative-committee

Suportang Pang-grupo para sa mga Biktima ng Pagpatay sa Queensland

Nag-aalok ng 24 na oras / 7 araw na suporta, adbokasiya at impormasyon para sa mga taong naapektuhan ng pagpatay ng kapwa (homicide).

Telepono: 1800 774 744
Website: www.qhvsg.org.au/

Mga Mahabaging mga Kaibigan sa Queensland

Nag-aalok sa mga pamilya ng pagkakaibigan at edukasyon sa pamimighati makaraan ang pagkamatay ng isang bata.

Telepono: 1300 064 068
Email: admin@tcfqld.org.au
Website: https://tcfa.org.au/qld/

Samahang Sumusuporta sa Pangungulila ng mga Naiwan ng Nagpakamatay (SOSBSA)

Sumusuporta sa mga nangungulila dahil sa pagpapakamatay at mga taong nanganganib na magpakamatay.

Telepono: 1300 659 467
Website: www.sosbsa.org.au

Standby - Suporta Pagkaraan ng Pagpapakamay

Sumusuporta sa mga nangulila o naapektuhan ng pagpapakamatay.

Telepono: 1300 727 247
Para sa mga bingi at nahihirapang makarinig:
SMS 0428 842 041 (6nu-10ng 7 araw)
Website: www.standbysupport.com.au

Serbisyong Balik-Tawag sa mga Naiwan ng Nagpakamatay

Nagbibigay ng libreng 24 na oras / 7 araw na pagpapayo sa telepono sa telepono at sa online sa mga taong naapektuhan ng pagpapakamatay.

Telepono: 1300 659 467
Website: www.suicidecallbackservice.org.au/

Mga Rosas sa Karagatan

Nagbibigay ng Peer CARE Companion warmline - isang call back service kung saan maaari kang makipag-usap sa isang sinanay na volunteer na namatayan din sanhi ng pagpapakamatay.

Telepono: serbisyong balik-tawag 1800 77 7337
Website: https://rosesintheocean.com.au/

Lifeline Australia

Nagbibigay ng libreng 24 na oras / 7 na araw na suportang pang-krisis sa telepono at online.

Telepono: 13 11 14
Website: www.lifeline.org.au/

Kids Helpline

Nagbibigay ng libre at kumpidensyal na 24 na oras / 7 na araw na pagpapayo sa online at sa telepono para sa mga kabataang nasa edad na 5 hanggang 25 na taon.

Telepono: 1800 55 1800
Website: www.kidshelpline.com.au/

Mensline

Nagbibigay ng libreng pagpapayo at suporta sa telepono at online para sa mga Australyanong kalalakihan.

Telepono: 1300 78 99 78
Website: www.mensline.org.au/

Serbisyong Tulong na Pampamilya sa mga Unang Tao

13 YARN

Nagbibigay ng libreng 24 na oras / 7 na araw na matatawagan na ligtas at pangkulturang suporta para sa mga taong nasosobrahan o nahihirapang kumaya.

Telepono: 13 92 76
Website: www.13yarn.org.au/

Serbisyong Pangkagalingan ng Pamilya para sa mga Aborihinal at Torres Straight Islander

Nagbibigay ng libre at kumpidensyal na suporta para sa mga pamilya ng Aborihinal at Torres Strait Islander upang mapabuti ang kagalingang panlipunan, pandamdamin, pisikal at ispiritwal, at upang ligtas na mapangalagaan at maprotektahan ng mga pamilya ang kanilang mga anak.

Telepono: 1300 117 095
Website: www.familywellbeingqld.org.au/

Thirrili

Ang Thirrili Indigenous Postvention Response Service ay sumusuporta sa mga komunidad, pamilya, at indibidwal na dumaranas ng trauma pagkaraan ng pagpapakamatay. Ang kanilang sistema ng ligtas na pangkulturang suporta ay iginagalang ng mga lokal na pangkulturang mga protocol at mga gawi, nagtataguyod ng sariling-pagpapasiya sa pangungulila at pagpapagaling. Nagpapatakbo ang Thirrili ng pangsuportang serbisyo sa telepono tungkol sa pagpapakamatay 24 na oras / 7 na araw sa isang linggo.

Telepono: 1800 805 801
Website: https://thirrili.com.au/

Mob Link

Pinapatakbo ng isang mahusay na pangkat ng mga intake officer, nars, doktor, Indigenous outreach worker at social worker, sinusuportahan ng Mob Link ang mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander sa Southeast Queensland upang makakuha ng pangangalaga sa araw ding iyon o suporta para maiugnay sa mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan.

Telepono: 1800 254 354 7nu hanggang 8ng, 365 na araw Website: https://www.iuih.org.au/our-services/mob-link/

Sa hukuman

Coroner's Bench

Coronial Court Support Officer:

Sila ang nagpapatakbo ng hukuman, nagtatala ng inquest, at nangangasiwa ng pagpapasumpa/pagpapatunay ng mga saksi

Saksi:

Sila ay tinawag para magbigay ng ebidensiya sa inquest

Tagapayong Tumutulong:

Isang mananganggol na tumutulong sa koroner sa inquest

Lawyers:

Mga tagapayong kumakatawan sa ibang mga interesadong partido

Mga pamilya at kaibigan: Mga minamahal ng taong namatay

Media and Public:

Karamihan ng mga inquest ay bukas sa publiko - ang mga media at miyembro ng publiko ay maaaring dumalo